



SOLANO COUNTY

REGISTRAR OF VOTERS

TIM FLANAGAN

Chief Information Officer
Registrar of Voters
TPFlanagan@solanocounty.com
(707) 784-6675

JOHN H. GARDNER

Assistant Registrar of Voters
JHGardner@solanocounty.com
(707) 784-3366

MGA TAGUBILIN PARA SA HINDI NAPIRMAHANG BALOTA/BERIPIKASYON NG PIRMA

BASAHING MABUTI ANG MGA TAGUBILING ITO BAGO KUMPLETUHIN ANG PAHAYAG. ANG KABIGUANG SUNDIN ANG MGA TAGUBILIN AY MAAARING MAGING DAHILAN UPANG HINDI IBILANG ANG IYONG BALOTA.

1. Nagpasya kami na ang iyong sobre ng pagboto sa pamamagitan ng koreo (o sobre ng pansamantalang pagboto) ay walang pirma o ang pirma ay hindi kapareho ng nasa iyong rekord ng botante.
2. Upang matiyak na ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo (o pansamantalag balota) ay isasama sa pagbilang, ang Pahayag ng Hindi Napirmahang Balota/Beripikasyon ng Pirma ay dapat kumpletuhin at ibalik sa pinakamaagang panahon na posible upang ito ay makaabot sa aming opisina nang hindi mas huli sa petsang ipinabatid sa pahayag.
3. Dapat mong ipirma ang iyong pangalan kung saan tinukoy sa Pahayag (Pirma ng Botante) at isama ang iyong tirahan.
4. Dapat mong ibalik ang form bago lumampas ang petsang ipinabatid sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:
 - Koreo – ilagay sa Sobre na ipapadala sa:
Solano County Registrar of Voters;
675 Texas St, Suite 2600,
Fairfield CA 94533
 - E-mail – pirmahan at i-scan ang form, ipadala ito bilang e-mail sa:
elections@solanocounty.com
 - Nang Personal – 8am hanggang 5pm Lunes hanggang Biyernes sa Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Solano: 675 Texas St., Suite 2600, Fairfield CA 94533
 - Sa pamamagitan ng FAX – pirmahan ang form, at i-fax ito sa 707-784-1424.
 - Sa isang lugar ng botohan – ihatid ito sa alinmang lugar ng botohan ng County ng Solano sa Araw ng Halalan. Ang isang listahan ng mga lugar ng botohan ay makukuha sa aming website: www.solanocounty.com/elections.
 - Sa alinmang kahong hulugan ng balota – ihatid sa alinmang kahong hulugan ng balotang pangkoreo ng County ng Solano bago ang Araw ng Halalan. Ang isang listahan ng mga kahong hulugan ng balota ay makukuha sa aming website: www.solanocounty.com/elections.

675 Texas Street, Suite 2600
Fairfield, CA 94533
(707) 784-6675
Fax (707) 784-6678

www.solanocounty.com

PAHAYAG NG HINDI NAPIRMAHANG BALOTA/BERIPIKASYON NG PIRMA

Ang iyong Sobre ay hindi napirmahan – mangyaring kumpletuhin sa ibaba at ibalik sa aming opisina nang hindi mas huli sa: 5:00 pm sa Disyembre 1, 2024.

Ang pirma sa iyong sobre ay hindi kapareho ng pirmang nasa file – mangyaring kumpletuhin sa ibaba at ibalik sa aming opisina nang hindi mas huli sa: 5:00 pm sa Disyembre 1, 2024.

Ako, si _____, ay isang nakarehistrong botante ng County ng Solano, Estado ng California.

Idinedeklara ko sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na nagbalik ako ng balota at ako ay hindi pa bumoto at hindi bobotohan ang higit sa isang balota sa halalang ito. Ako ay isang residente ng presinto kung saan bumoto ako, at ako ang taong ang pangalan ay nakalagay sa sobre ng balota.

Naiintindihan ko na kung ako ay gagawa o magtatangka ng anumang pandaraya na may kaugnayan sa pagboto, o kung ako ay tutulong o kukunsinti sa pandaraya o magtatangkang tumulong o kumunsinti sa pandaraya na may kaugnayan sa pagboto, ako ay maaaring mahatulan ng isang felony na mapaparusahan ng pagkabilanggo para sa 16 na buwan o dalawa o tatlong taon.

Naiintindihan ko na ang pirma sa ibaba ay maaaring idagdag sa aking rekord ng pagpaparehistro na gagamitin para sa mga halalan sa hinaharap.

Naiintindihan ko na ang aking kabiguang pirmahan ang pahayag na ito ay nangangahulugang ang aking balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay pawawalang-bisa.

Pirma ng Botante

Ilimbag ang Pangalan (gaya ng nakarehistro para makaboto)

Tirahan